Marso 2021

Mga Proteksyon para sa mga Nangungupahan sa panahon ng COVID-19

Nakapaloob sa gabay na ito:

- Mga impormasyon patungkol sa moratoryo ng ebiksyon sa Lungsod
- Mga oportunidad para sa tulong sa renta
- Legal na tulong para sa mga nangungupahan

LUNGSOD
NG UNION

Mga Proteksyon para sa mga Residensyal at Komersyal na Nangungupahan

Noong Marso 24, 2020, napagbotohan ng Konseho ng Lungsod ng Lungsod ng Union na pansamantalang suspindihin ang mga ebiksyon para sa kwalipikadong mga residensyal at komersyal na nangungupahan sa Lungsod ng Union. Itong moratoryo sa ebiksyon para sa nangungupahan na makakamit ang mga kinakailangan ng ordinansa ay epektibo hanggang sa pag-expire ng lokal na emerhensya o ng proklamasyon ng emerhensya ng estado ng Gobernador, kung alin man ang huling maganap.

Ang Ordinansa ay nagbabawal ng mga ebiksyon para sa residensyal at komersyal na nangungupahan na makapagpapakita ng:

1. Walang kakayahang magbayad ng renta dahil sa o mula sa malaking kabawasan ng kita ng sambahayan o sa negosyo o malaking "out-of-pocket" na gastos para sa medikal; at
2. Pagliit ng kita, o malaking "out-of-pocket" na gastos para sa medikal, ng dahil sa pandemyang COVID-19, o tugon ng alinman sa lokal, estado o pederal na gobyerno sa COVID-19, at naidokumento sa isang kasulatan.

Mga Kwalipikadong Epekto sa residensyal na nangungupahan na kaugnay sa COVID-19 ay kinabibilangan ng:	Mga Kwalipikadong Epekto sa komersyal na nangungupahan na kaugnay sa COVID-19 ay kinabibilangan ng:
• Sakit na COVID-19 o pangangalaga sa sambahayan o miyembro ng pamilya na may sakit na COVID-19 • Mga pagsasara ng trabaho, mga layoff, pagkawala ng trabaho, pagbawas ng iilang bayad na oras o iba pang epekto sa ekonomiya o employer • Hindi pagpasok sa trabaho dahil sa pagsasara ng paaralan ng menor de edad na anak, pagsunod sa mga utos ng awtoridad sa kalusagan ng gobyerno, o iba pang mga katulad na sanhi na kadahilanan.	• Mga pagsasara ng trabaho • Pagbawas sa tauhan na pumapasok sa trabaho • Pagpapaigsi sa oras ng pagbubukas • Pagbawas sa demand ng mamimili • Pagsunod sa mg autos ng awtoridad sa kalusugan ng gobyerno • Iba pang mga katulad na sanhi na kadahilanan na nagresulta sa pagkalugi ng kita sa negosyo

Kung ikaw ay hindi makakapagbayad ng renta dahil sa COVID-19, huwag kakalimutan na:

- Agad na abisuhan ang iyong kasero sa pamamagitan ng kasulatan sa pinakamaagang panahon.
- Itago ang mga kopya ng lahat ng iyong ipinapadala at mga tugon ng iyong kasero.
- Bigyan ang iyong kasero ng mga dokumentasyon na nagsusuporta sa epekto ng COVID-19, na kinabibilangan ng iyong mga dokumento sa trabaho, mga paunawa ng pagsara ng paaralan o *daycare*, o iba pang katulad na mga dokumento.

Ang moratoryo ay hindi pagtatanggal ng bayad sa renta o "rent forgiveness". Ikaw ay magbabayad pa rin ng utang na renta sa iyong kasero habang ang moratoryo ay pinipigilan ang isang kasero mula sa pagpapaalis sa iyo sa hindi pagbayad ng renta dahil sa kwalipikadong dahilan na kaugnay sa COVID-19.

Pinansyal na Tulong para sa mga Residensyal na Nangungupahan

Residential Rental Assistance Program

Ang Lungsod ng Union City ay maglalabas sa pangalawang pagkakataon ng pagpopondo sa programang Residential Rental Assistance para sa mga residente ng Lungsod ng Union na pinansyal na nahihirapan dahil sa pandemyang COVID-19 at hindi nakakabayad ng kanilang renta. Ang pagpopondo para sa programa ay ibinigay ng Department of Housing and Urban Development (HUD) Community Block Development Grant (CDBG) na programa

Ang panuntunan ng programa ng Lungsod ay na-update na upang masaklaw ang tatlong magkakasunod na buwan ng *back rent*, hanggang sa $5,000, para sa mga sambahayan na pinaparenta na kumikita ng 80 na porsyento ng *median income* ($94,000 para sa pamilyang may tatlong miyembro) na naapektuhan ng COVID-19. Ang mga pondo ay direktang ibabayad sa kasero.

Durasyon ng pag-apply	Marso 15, 2021 – Marso 29, 2021
Website para sa pag-apply	unioncity.org/COVID19rentalassistance

Para sa karagdagang mapagkukunan ng impormasyon sa panahon ng pandemyang COVID-19, bisitahin ang:

www.unioncity.org/coronavirus
www.unioncity.org/e-newsletter
www.facebook.com/CityOfUnionCity

Mga Ligal na Tulong para sa mga Nangungupahan

Legal na Tulong sa Bay Area
Numero ng Mga Karapatan ng Nangungupahan
1(888)-382-3405
www.baylegal.org

Centro Legal de la Raza
www.centrolegal.org
(510)-437-1554

ECHO Housing
www.echofairhousing.org
(510)-581-9380

Eviction Defense Center
evictiondefensecenteroakland.org
(510)-452-4541

Mga Ligal na Tulong para sa mga Kasero/mga may-ari ng propyedad

Housing and Economic Rights Advocates (HERA)
www.hereca.org
(510)-271-8443

Mga Ligal na Tulong para sa mga Kasero/mga may-ari ng propyedad

Housing and Economic Rights Advocates (HERA)
www.hereca.org

Mga Non-Legal na Tulong para sa Nangungupahan

Hotline ng Causa Justa – Just Cause para sa Nangungupahan:
(510) 836-2687
(pangkalahatang abiso sa Ingles at Espanyol)
(510) 763-5877
(pangunahing numero/pag-oorganisa ng nangungupahan